DM. 19. 237

Republic of the Philippines
Department of Education
Region IV-A CALABARZON
Province of Quezon
**CITY SCHOOLS DIVISION OF THE CITY OF TAYABAS**
Brgy. Potol, Tayabas City

**DEPED-TAY-DM-OSDS-19-** 237

| | | |
|---|---|---|
| PARA SA | : | **NAKATALAGANG-PANGALAWANG TAGAPAMANIHALA NG MGA PAARALAN**<br>**HEPE- CID AT SGOD**<br>**SUPERBISOR NG PROGRAMANG PANG-EDUKASYON**<br>**PUNONGGURO NG MGA PAARALANG PAMPUBLIKO AT PAMPRIBADONG ELEMENTARYA AT SEKONDARYA**<br>**MGA ULONGURO AT GURO** |
| PARA KAY | : | **CATHERINE P. TALAVERA, CESO VI**<br>Tagapamanihala ng mga Paaralan |
| MULA KAY | : | **MAYLANI L. GALICIA**<br>Nakatalagang-Pangalawang Tagapamanihala ng mga Paaralan |
| PAKSA | : | **2019 PANDIBISYONG TAGISAN NG TALENTO-KLASTER** |
| PETSA | : | **AGOSTO 5, 2019** |

---

1. Alinsunod sa gawaing pansangay na pagdiriwang ng Buwang ng Wika 2019 (DEPED-TAY-DM-CID19) bilang patugon sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika na itinakda ng Kagawarang ng Edukasyon (Memorandum Pangkagawarang Blg. 079, s. 2019) sa pangunguna ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) na may temang **Wikang Katutubo: Tungo sa Isang Bansang Filipino**.

2. Ang dibisyon ay magsasagawa ng gawaing pangklaster o Paligsahang Pangklaster na gaganapin sa sumusunod na lunan at panahon:

   a. Pangkat Kanluranin- Tayabas West Central School I –Agosto 22, 2019- 1:00 NH
   b. Pangkat Silanaganin- Lakawan Elementary School- Agosto 23, 2019- 8:00 NU

3. Ang layunin ng paligsahan ay ang mga sumusunod:

   a. maiangat ang kamalayan ukol sa pagpapaunlad ng katutubong wika sa paaralan at komunidad;
   b. makalinang ng mga talinto at kakayahan ng mga mag-aaral at pamayahan;
   c. makapagpamalas ng natatanging talent at kasanayan; at
   d. maipamalas ang kamalayan ukol sa multilingguwalismo sa pang araw-araw na gawain.

4. Ang mga sumusunod ay mga pinagpasiyahang paligsahan para sa taong ito:

4.1. **Paligsahan para sa mga magulangin – Kuwentong Basa ni Tatay/Nanay**
Kalahok: Piling magulangin ng pampublikong paaralan mula sa K - 3 gamit ang Big Book.

4.2. **Paligsahan sa kasanayan ng mga guro sa pagsasagawa ng lokal na kagamitang panturo sa Filpino.** Para sa mga guro sa pampublikong paaralan.

a. **Paglikha ng Small Book at Big Book sa Filipino**
Kalahok: Big Book– Mga Guro sa K - 3
Small Book- Mga Guro sa Baitang 4 – 6

4.3. **Paligsahang para sa mag-aaral mula sa pampubliko at pribadong paaralan**

**a. Madulang Pagkukuwento**
Kalahok: Binubuo ng tig-iisang mag-aaral mula sa Baitang 4, 5, 6 at Isang Highly Manageable SPED Learner in a Mainstream/Inclusive Program (Visually Impaired or Difficulty in Physical Mobility) na may Edad labinlima pababa sa taon ng paligsahan. Kabuang bilang ng kalahok apat(4).

**b. Sulat Bigkas ng Tula (Sulkas Tula)**
Kalahok: Isang (1) mag-aaral mula sa Baitang 6 lamang.

5. Tagapamanihala ng paligsahan:
a. Pangkat Kaluranin: Lea A. Cosico- HT-III- Punong-abala
b. Pangkat Silanganin: Jeffrey G. Dimailig-TIC- Punong-abala
c. Pribadong Paaralan: Itinakda ng pribadong paaralan
d. Gurong Tagapag-ugnay sa Filipino/MTB-MLE
e. Tagapagsanay
f. Punogguro

*Ang mga Punongguro at mga tagpag-ugnay sa Filipino/MTB-MLE ay inaasahan mangunguna sa pamamahala ng gawain.

6. Ang desisyon ng inampalan sa lahat ng paligsahan ay pinal at hindi na pasusubalian pa ng kung sino pa man.

7. Inaasahan ang pagsusumiti ng ulat hinggil sa nasabing gawain.

8. Inaasahan ang pagtalima sa panuntunan ng "Time on Task".

9. Ang mga mag-aaral at guro ay inaasahang may kaukulang permiso sa paglahok.

10. Ang mga gastusing gugulin sa pampaaralan, klaster, pandibisyon kukunin sa MOOE/IGP/PTA at pundong maaaring pagkunan alinsunod sa mga itinakadang alituntuning pampananalapi.

11. Malugod na inaasahan ang mabisang pagpapakalat at pagsusunod sa kalatas na ito


tayabas.city@deped.gov.ph tayabas.depedr4a.ga (042) 710-0329 or (042) 797-0773